

# Pano tumawag sa 119


SINCE 2019.6.1

# May mga Translator na Maaari ninyong makausap




Tagalog, Ingles, Tsino, Koreano, Portugues, Espanyol, Vietnamese, French, Russian, Nepali

**Emergancy hotline 119**




1. Dito sa Japan, kapag may sunog o emergency ay tumatawag sa 119.
2. Kahit hindi ka nakakapagsalita ng Wikang Hapon ay maaari kang tumawag sa 119.

**Ituturo sa iyo ang mga pamamaraan sa Wikang Hapon**




3. Ituturo sa iyo ang mga pamamaraan sa Wikang Hapon.
4. Hangga`t hindi mo pa nakakausap ang Traslator huwag mong ibaba ang telepono.

**Makakausap nyo ang Translator**




5. Ikaw, ang Translator, at ang Operator ang mag-uusap sa linya.




24 oras maaaring tawagan

## Higashi Mikawa Fire Station Center

# Protektahan ang inyong Buhay

## May nakakabit bang "Residential Fire Alarm" sa inyong tahanan?





Poprotektahan ng "Residential Fire Alarm" ang iyong pinakamamahal na pamilya.

## TOYOHASHI FIRE DEPARTMENT

- Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa -


| | |
|---|---|
| Fire Prevention Division | (0532-51-3115) |
| Naka Fire Station | (0532-52-0119) |
| Minami Fire Station | (0532-46-0119) |

# Tayo ay magpakabit ng “Residential Fire Alarm”




## Ano nga ba ang “Residential Fire Alarm” ?

Ito ay isang aparato na awtomatikong tumutunog kapag nakadetect ng usok (init) dahil sa apoy at ipinapaalam din nito sa mga taong nasa loob ng bahay na agarang lumisan sa pamamagitan ng pag-alarma o pagsasabi na may sunog na nagaganap.




## Saan dapat maglagay ng “Residential Fire Alarm”


Ang mga lugar kung saan kailangan ikabit ang “fire alarm” para sa bahay ay sa [silid-tulugan], [kusina], at [hagdan].




## Paano suriin?

☆ Regular na suriin kung ito ay gumagana ng maayos

○ Ang paraan ng pagsusuri kung ito ay gumagama ay sa pamamagitan ng pagpindot sa “button” o paghila sa tali na nakakabit dito.




※ Ang tunog at alarma ay maaaring magkakaiba depende sa gumawa at modelo.


○ Maririnig mo itong tumunog kung ito ay normal na gumagana

○ Kung walang tunog na marinig, maaaring ito ay may sira.

☆ Inirerekomenda na palitan ang aparato pagkalipas ng 10 taon.

○ Tingnan ang petsa kung kailan ikinabit ang aparato, dahil ito ay magagamit lamang sa loob ng 10 taon.

○ May mga sitwasyon na kailangan lamang palitan ang baterya, depende sa kondisyon ng paggamit.



## Maghanda ng fire extinguisher para magamit kapag kinailangan!!!

### ☆ Paano gumamit ng fire extinguisher




### ☆ Kung sakaling magkaroon ng sunog…

Subukan puksain ang apoy sa pamamagitan ng “fire extinguisher”
⇒ Huwag piliting patayin ang apoy kung hindi ito mapuksa, agad na tumakbo at lumabas ng bahay!

Mahinahon na mag-evacuate!
⇒ Huwag bumalik ng bahay kapag nag-evacuate na!

Ipaalam sa iba ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagsigaw.
⇒ Mag-evacuate kasama ang mga matatanda at bata.

Tumawag sa 119, sabihin ang pangyayari at hintayin na dumating ang bumbero.
⇒ Tumawag sa 119



☆ Ang fire extinguisher ay mabibili sa mga disaster supplies store at home center.



(Residential fire extinguisher) (Aerosol fire extinguisher)